

Tinanggal ni Gobernador Newsom ang 7-araw na waiting period para sa mga unemployment, state disability at paid family leave na programa. Ang payo namin ay i-submit ninyo ang inyong mga aplikasyon sa madaling panahon. Maging pamilyar sa mga benepisyo galing sa inyong employer at anumang mga pansamantalang benepisyo na binibigay ng inyong employer. Kausapin ang inyong steward o representatibo ng unyon kung kailangan ninyo ng tulong o may mga katanungan kayo tungkol sa mga benepisyong ito.

## **Pwede ba akong mag-apply para sa CA Paid Family Leave?**

OO, kung hindi kayo makapagtrabaho dahil nag-aalaga kayo ng may sakit o naka quarantine na kamag-anak na may COVID-19, o anumang sakit (na mapapatunay sa pamamagitan ng certification galing sa isang medical professional), marahil ay may dahilan kayong makamit ito. Ang programang ito ay nagbibigay ng hanggang 6 na linggong paid leave, at simula sa ika-1 ng July, 2020, ito ay magiging 8 linggo. Babayaran kayo ng katumbas ng 60% to 70% ng inyong kasalukuyang sahod, mula \$ 50 to \$1,300 kada linggo, depende sa inyong sweldo. Magpunta sa [edd.ca.gov](http://edd.ca.gov) para mag-apply.

## **Pwede ba akong mag-apply para sa CA Unemployment Insurance?**

OO, kung nawalan kayo ng trabaho o nabawasan ang inyong oras ng trabaho dahil sa COVID-19, marahil ay may dahilan kayong makamit ito. Ang unemployment insurance ay nagbibigay ng partial wage replacement - mga \$40 to \$450 kada linggo. Magpunta sa [edd.ca.gov](http://edd.ca.gov) para mag-apply para sa unemployment insurance. Ang \$2 trillion coronavirus stimulus package ay nagpapahaba ng jobless insurance ng 13 linggo, at kasama ang pagpapadag- benepisyo (karagdagang \$600 kada linggo). Ang programa ay pinalawak upang isali ang mga freelancers, mga manggagawang na-furlough, at mga gig workers.

## **Pwede ba akong mag-apply para sa state disability insurance?**

OO, kung hindi kayo makapagtrabaho dahil sa medical quarantine o sakit dahil sa COVID-19, o anumang sakit (na mapapatunay sa pamamagitan ng certification galing sa isang medical professional), marahil ay may dahilan kayong makamit ito. Ang disability ay nagbibigay ng 60% to 70% ng inyong sahod, mula \$50 to \$1,300 bawat linggo, sa loob ng 52 linggo. Magpunta sa [edd.ca.gov](http://edd.ca.gov) para mag-apply para sa benepisyo sa disability. Nota: ang inyong employer ay maaaring makapagbigay ng 100% ng inyong sahod kung na-quarantine kayo dahil sa COVID-19. Kausapin po ninyo ang inyong Shop Steward o Representatibo ng Unyon.

## **Pwede ba akong mag apply para sa workers' compensation?**

SIGURO. Kung hindi ninyo kayang gawin ang dati ninyong trabaho dahil na-expose sa at na-impeksyon ng COVID-19 habang ginagawa ninyo ang inyong trabaho, at matagal na hindi kayo makabalik sa trabaho, ni hindi makapagtrabaho, o makakabalik lamang na may sagabal o limitasyon, marahil ay pwede ninyong makamit ito. Matapos ninyong mag-file sa [dir.ca.gov](http://dir.ca.gov), ang inyong employer ay may 90 araw para mag-imbetiga ng inyong claim. Payo namin na mag-file kayo sa madaling panahon matapos ng inyong pagka-disability (tingnan ang tanong bago nito), habang hinihintay ang inyong aplikasyon para sa workers' compensation.

## TINUTULUY SA LIKOD

## **Pwede ba akong ipaalis dahil sa hindi pagbayad ng upa?**

Nagtupad ng executive order si Gobernador Newsom noong ika-27 ng Marso, 2020 na pansamantalang nagbabawal ng mga eviction sa buong estado sa mga apektado ng COVID-19. Pinipigilan nito ang pagpapaalis ng mga nangungupahan dahil sa hindi pagbayad ng upa hanggang sa ika-31 ng Mayo, 2020. Sakop nito ang mga nawalan ng trabaho dahil sa pandemic, nagkasakit, o nangailangang mag-alaga ng mga kamag-anak na may COVID-19. Ang mga alagad ng batas at ng hukuman ay pinagbabawalan ding isatupad ang mga eviction o pagpapaalis habang may bisa ang executive order. Kinakailangan pa ring bayaran ng mga nangungupahan ang kanilang utang na upa, at kailangan nilang sabihan sa sulat ang kanilang mga landlord sa loob ng 7 araw na hindi sila nagbayad. Para basahin ang executive order, pumunta sa <https://tinyurl.com/vmy4h2h>.

## **Pwede bang ma-foreclose ang aking bahay kung hindi ko mabayaran ang aking mortgage?**

Ipinihayag ni Governor Newsom ang isang 90-day payment relief sa mga kabayaran sa mortgage noong ika-25 ng Marso, 2020. Ang mga financial institution ay magbibigay ng mortgage payment forbearance na hanggang 90 days para sa mga may utang na na-apektohan ng COVID-19. Karagdagan dito, ang mga financial institution ay hindi magrereport ng mga negatibong remark sa mga credit agencies, o magsisimula ng foreclosure sales o evictions ng at least 60 araw. Pagbibigyan din ang mga late-fees at iba pang mga multa. Para mabasa ang pahayag ni Gobernador Newsom, pumunta sa <https://tinyurl.com/r88zn64>. Para mag-apply para dito, magpunta sa <https://covid19.ca.gov/get-financial-help/>.

## **Pwede ko bang i-extend ang deadline para mag-file ng aking California at federal tax return?**

OO. Nag-extend pareho ng deadline ang gobyerno federal at state para mag-file at magbayad ng income tax hanggang ika-15 ng Hulyo, 2020.

## **Pwede ba akong tumanggap ng stimulus payment?**

SIGURO. Ang \$2 trillion na coronavirus stimulus package ay nagbibigay ng bayad sa karamihan ng mga adult ng \$1,200 at karagdagang \$500 para sa bawat bata na nasa ilalim ng 16 taong gulang. Ang halaga ay depende sa sahod na iyong idineklara sa IRS noong 2019, o 2018 kung hindi pa kayo nagfa-file ng inyong 2019 taxes.

- Ang mga single adult na ang adjusted gross income ay hanggang \$75,000 ay makakakuha ng buong halaga.
- Ang mga kasal o married couples na walang anak na ang sahod ay hanggang sa \$150,000 ay makakuha ng total halaga na \$2,400
- Ang mga taxpayer na nagfa-file bilang head of household ay makakuha ng buong halaga kung ang kanilang kinita ay hanggang \$112,500.
- Ang mga single adult na sumasahod ng \$99,000 at pataas ay hindi makakatanggap ng stimulus payment, ni ang mga kasal na tao na walang anak at sumsahod ng \$198,000 at pataas.

Ang Washington Post ay nagpapanatili ng online calculator para matantya ninyo ang inyong stimulus payment base sa inyong kalagayan. Makikita ninyo ang calculator sa <https://tinyurl.com/rqduukc>. Ang sabi ng gobyerno federal ay ipapapadala nila ang mga kabayaran sa loob ng ilang mga linggo.

# **NUHW.ORG/COVID-19**